# Mula sa Agua

*Enrique Villasis*

## Lumba-Lumba

Nangangalay sa pagkakasabit ang largabista.
Kanina pa kami rito. Panatag nang nakaduyan
Sa sapot ang kislap ng kaninang tumilamsik
Na tubig-alat. Nasa iisang pintig na ang hugong
Ng motor ng baroto at ng sarili kong paghangos.
Nagbabaras na sa ilong ang lansa at gasolina.
May itinuro ang giya. Nasa unahan na raw namin
Ang hinahanap. Nabasag na asin ang kaninang
Dumuduyang kislap-tubig-dagat. Nakikipag-unahan
Ang kabog ng puso sa ungol ng motor. Humalik
Ang largabista sa mga mata. Inihalik sa paningin
Ang layo't anumang nagtatago sa rabaw ng dagat.
Naroroon sila, mabibigat na imaheng gumagapang
Sa mahabang pilas ng seluloid na handang maputol.
Isinilid nila ang mga sarili sa dilim ng ilalim
Nang madama ang pagkabulabog ng mga alon.
Humimpil ang bangka. Bumalik sa dibdib
Ang largabista. Kailangang maghintay, ayon sa giya.
Ngayon ko lang napansin ang bahaghari na tila-ahas
Na buntot ng baroto. Hindi mapatid-patid.

## Barko

Wala nang ibang sisisihin sa pagkaantala kundi
Ang kalumaan nito. Habang ang mga kasabayan
Ay naging limot na alaala ng di-mabilang na sakuna
O namamahingang binabalabalan na ng kalawang,
Patuloy pa rin ang paghiwa nito sa pahina
Ng dagat, binubulong ang mga nakasalubong na alon,
Ang mga lambong ng kulap na umuunat sa pagsapit
Ng unang liwanag. Hindi maitatago na sa pagitan
Ng hugong ng kanyang pagtawid ang ritmikadong
Pagpugak na tila tisikong ginigising ng sariling
Paghuhumingasing. Papaano ba idadahilan
Ng mga tripulante na iisang makina na lamang
Ang tumatakbo? Kaya napipilitan silang paulit-
Ulit na ipalabas ang mga pelikula ni Dolphy,
O ang ipaubaya sa idlip ang bawat pagkabagot
Ng mga pasahero. Kung magising silang palyado
Ang makina't inaalo sila ng alon, ang kalumaan
Ng barko ang tanging mapagbubuntunan nila
Ng inis. May magbabakbak ng pintura sa hamba
At ilalantad ang kalawanging langib, may ilan namang
Idadaan sa iisang pangungusap ang kanilang mura
At opinyon sa halaga ng segunda-manong bakal.
Mula sa ispiker, paumanhin ang hiling ng kapitan.
Ngunit hindi ng barko. Sa pagkakahimpil nito sa laot,
Retirado itong ang tanging hiling ay isa pang paglalayag,
Isa pang paglalayag bago ang huling paghuhusga.

## Imelda

Inihatid ng ulan ang lawa sa lungsod. Ngayong humupa
Na ang pag-ibig ng tubig sa lupa, nagbabaras ang alingasaw
Ng pagkaagnas sa bawat sulok. Wala nang silbi ang mga elehiya
Sa mga bagay na niyapos ng banlik at nilansag ng baha.
Mula sa kulungan, inilabas na ng kapitbahay ang kanilang aso.
Tila salbabidang handang pumutok sa pamimintog ang lawas
Ng alaga. May nagbalita sa sinapit ng kalapit-bayan,
Kung papaano umaatungal ang mga bulldozer sa mga bangkay
Na kanilang nalilimas, kung papaano dumadahak ng lapok
Ang mga patay na nakasuksok sa ilalim ng mga inanod na guho.
May ilang hindi tagaroon. Masuwerte pa nga kami.
May pumupusag-pusag  na imelda sa mga kinumutan
Ng putik, tila isang naghihingalong sanggol. Nangungupas
Ang kulay. Humahangos ang mga palikpik habang hinahatak
Ng buntot ang katawan na makalayo sa pagkakasadsad,
Ang muling makatikim ng hangin ng tinakasang baklad.
May kumakatok na bangaw sa aming tainga. Nananahan na
Ang pulutong ng mga langaw sa mga naligaw na isdang
Nakasampay sa mga halaman o nasiksik sa banlik.
At may isang dadagan sa talukap ng hasang ng imelda.
Panatag na mapapalapat ang mga kaliskis bago sa pinakahuling
Pagkakataon ihihinga nila ang pagsuko. Marahil nadinig
Ng imelda ang atungal ng pagkalam ng aming sikmura.

## Alimango

May mukha ng Kristo na natagpuan sa lawas ng alimango.
Habang hinihilot ng di batid na karamdaman ang iyong gabi,
Dagsa-dagsa na ang tumutulak sa liblib-baryo, sukbit-sukbit

Ang kanilang mga sakit at pananalig. Ito ang kanilang turin,
Ang milagrosong tuwalya ni Veronica. Paniwalaan,
Gumagalaw ang Diyos sa kanyang nais. Wala siyang pinipiling

Sugo. Hindi ba makailang ulit nang lumitaw ang ulo
Ng Kanyang bugtong na anak sa palapa ng saging, sa nalapnos
Na dingding, o sa namuong patak ng kandila sa tubig?

At nang maihango ang nilutong alimango, napakurus ang nagluto.
Napakumpisal sa ginawang pagnakaw sa kalapit-palaisdaan.
Papaano pa nila ito gagawing pulutan? Kaya nakatanghal ito

Sa altar, pinamumulaklakan ng nobena at lansa ng dahan-dahang
Pagkabulok ng aligi. Tatlo na lamang ang paa at wala nang sipit.
May gutom sa mata ng mga nakaantabay na pusa habang kaisa ka

Sa mga nakikipila para makapahid sa naagnas na mukha ng Kristo.

## Bangka

Ang totoo, nanalig siya sa kalungkutan tulad ng pagtatapat
Sa isang matalik na kaibigan na tanging katahimikan lamang
Ang maiaalok.  Makailang ulit na siyang naghatid ng mingaw,
Minsan, masamang balita. Bigyan mo siya ng dila't kanyang
Ibubulong kung paano gumagaod ang gaspang ng palad
Ng mga hindi dininig ang panalangin, kung makailang ulit
Nilalamukos ang aliwalas sa mukha ng mga nag-aabang.
Madalas, sumusunod sa kanyang paglalakbay ang amoy
Ng kandila't dama de noche. Walang sementeryo sa baryo
Na kanyang pinagsisilbihan. Umaalalay siya sa mga nagluluksa.
Tinatawid niya ang bangkay at dalamhati sa kabilang pampang.
Walang ipinagkaiba ang bigat ng luha sa tilamsik ng dagat.

Tuwing tinutunaw ng pagdilim ang mundo, solitaryo siyang
Nakahimlay, nilalayuan kahit ng mga alon. Mainam na ito
Para sa kanya, mas nakikilala niya ang hinagpis habang
Nakikinig sa naghihingalong pagtangis ng mga bituwin.

## Tagiwalo

Bagong hunos siya nang lumusong sa lawod. Saligan niya sa pagbabagong-buhay ang dagat. Iniwan na niya ang pangamba sa pampang kasama ang lumang balat. Wala siyang ibang pangitain sa ilalim kundi natutulog na lagim: bungo ng hindi kilalang halimaw ang mga bato't patay na korales na maya't maya'y bumabalikwas at napapahikab sa pagyugyog ng alon. Umaasa siyang may pupuslit na palos mula sa mga butas. Tanging siya lamang ang nakikita ng libo-libong bula. Ano pa nga ba ang silbi ng kamandag? Mas higit pa ngang mapanganib ang pag-iisa.

## Deep Sea Diver

Hindi ito ang mundong madilim. Likas dito ang ningas.
Pumipintig ang mga ilaw na tila pumupungas na lungsod
Sa kalawanging balat ng madaling-araw. Nambibighani
Sa malay ang pagkurap ng mga liwanag. Isa itong pagbabalik
Sa kamusmusan, sa unang pagkatuklas sa pugad ng alitaptap—
Kung paanong sa likod ng bakbak na balat ng dapdap sumibad
Na tila antigong kaluluwa ng puno ang mumunting liyab.
May paanyayang matitimbang sa palad ang mga bituwin.
Matutunghayan na hindi umiinog ang oras dito. *Laging*
*Bagong taon*, minsang sinulat ng unang nangahas lumandas
Sa kailaliman ng dagat. Sa mga huling taon niya, sinasabing
Mas madalas siyang nakapikit, sinasariwa ang ningning
Ng kanyang kabataan at katapangan. *Mapanila ang silaw*,
Ito ang kanyang huling winika bago natulog at di na nagising.
May babala ang katagang ito. Sumisilay dito ang panganib.

Sa bawat biglaang pagdating ng dilim humuhubog sa alon
Ang mga halimaw na nanahan sa alaala't kasaysayan. Pugita-
Bampirang kumakapit sa batok o ang aninong kumakatok
Sa salamin habang bumabagyo. Ilan na ang biglang lumutang
Sa kamatayan. *Matagal na siyang nakatungtong sa kabilang-*
*Buhay*, salaysay ng nagsulat ng kanyang talambuhay. Madalas
Tinatawag niya itong impiyerno. Isang napakahabang yungib.
Dito naibubulong niya ang mga limot na libog at lungkot,
Ang mga sariwang sugat ng pagkatakot, ang mga haraya
Ng mga alamat noong pagkabata at nagsasaanyo ang mga ito
Bilang mga alipato—mumunting luminosong diyablong
Kumakahig ang mga pangil sa sahig-dagat. Sa pagkakahugot
Niya sa pusod nitong lawod umaahon siyang isang bagong tao.